# Balitang Manmin

BILANG 97 DISYEMBRE 1, 2013

# Ang mga Bagong Programa ng GCN TV
# “Naiiba at Kapaki-pakinabang! Nakakatuwang Panoorin!”




Magmula ng magbukas noong Oktubre 2005, malaki na ang iniunlad ng GCN TV, maimpluwensyang Cristianong istasyon ito ngayon at umaabot na sa buong mundo. Ngayong taong ito, nagkaroon ito ng malaking pagbabago para tuparin ang kalooban ng Diyos sa pagtatapos ng panahon. Noong Oktubre 14, 2013, sinimulan ang mga bago nilang programa. Ipinapakita ng mga programang ito ang mga paraan kung paano magsusulong ng buhay na nakakalugod sa Diyos bilang mga tunay na anak Niya. (litrato: mga poster ng mga bagong programa)

Ang GCN TV ay nagbobrodkast ng mga programang tungkol sa ebanghelyo ng kabanalan at kapangyarihan ng Diyos. Isang malaking hakbang ang isinagawa nito noong ika-31 anibersaryo ng Manmin Central Church. Sa pamamagitan ng pananampalataya, sinimulan at inilaan ang istasyon para sa misyong pandaigdigan. Wala silang inasahang kaalamang teknikal, mga tauhan, o panggastos. Mayroong bagong logo ang GCN TV ngayon. Ang bagong logo ay nagpapakita ng tatlong sinag ng liwanag ng ‘aurora lights’. Sumisimbolo ito sa Diyos na may Tatlong Persona: Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos na Banal na Espiritu. Makikita rin dito ang pangitain (vision) ng istasyon na maipangaral sa buong mundo ang ebanghelyo ng kabanalan. Ang logo ay ipinapakita bago magsimula ang mga programa.

Maganda ang pagtanggap sa labinsiyam na bagong programa ng GCN TV na sinimulang ipalabas mula noong Oktubre 14, 2013, ginawa ito sa tulong ng Diyos. Mapapanood ang mga bagong emcee, matagal na silang naglilingkod sa ministeryo ng iglesya bilang mga pastor at mga lider. Nakakapagdala sila ng maraming manonood.

Bukod sa mga programa para sa mga sermon ni Dr. Jaerock Lee na *Lamp in Our Life*, at panalangin niyang *Rest*, ang mga sumusunod na programa ay inaasahang magpataas ng antas ng buhay espirituwal ng mga manonood: *TV Sermon* na may mga bagong paksa ni Pastor Soojin Lee; *Remembering the Lord* ni Pastor Heejin Lee, na may layuning tumulong sa atin na makamit ang tagumpay sa buhay sa pamamagitan ng pag-ibig ng Diyos; Ang *The Spiritual Realm* ni Pastor Heesun Lee, pagpapahayag ng hindi natin nakikitang espirituwal na mundo; *Water of Life* ni Pastor Dongcho Shin, ito ay pagpapaliwanag tungkol sa pagsamba para makatulong sa mga Cristiano na magsulong ng buhay na banal, at ipaliwanag ang mga talata sa Biblia na mahirap unawain; at ang programang *MIS Seminar* ni Pastor Esther Chung, Pangulo ng Manmin International Seminary (MIS).

Ang lider ng mga awiting papuri na si Rose Han ang lumalabas sa *Let’s Offer Praises*. Tinutulungan niya ang mga manonood sa pagkanta ng mga papuri ng Manmin. Itinuturo din niya ang tamang paghinga habang kumakanta at mga paraan kung paano sasanayin ang boses. Si Diakonesa Jin Lee ang nangunguna sa programang Fragrance, ipinapaliwanag niya ang kahulugan ng mga awiting papuri ng Manmin. Nagbibigay din siya ng kaalaman tungkol sa musika, at pagtugtug ng mga instrumento. Mayroon ding programa para sa mga bata, tungkol ito sa pagsasayaw. Ito ang *Joy, Joy, Pretty Dance* na pinangungunahan ni Diakono Dongsik Han at Diakonesa Shina Yu. Maraming may paborito sa programang ito mula sa lahat ng edad.

Ipinapakita ng pandaigdigang samahan ng mga Cristianong doktor (WCDN) at ng ministeryo nila ang makapangyarihang pagkilos ng Diyos sa programang *WCDN*. Pinapatunayan ng medisina ang mga pagkilos na ito sa programa. Ang *For Beautiful Worship Services* ay nagtuturo ng tamang pagkilos at kalooban kapag sumasamba sa Diyos, tumutulong ang *Meditation* sa pagninilay sa Biblia, at ang *We Are One* ay naghahatid ng balita sa mga manonood sa pamamagitan ng cartoons tungkol sa mga sangay na iglesya ng Manmin. Lahat ng ito ay mga bagong programa.

At nagbibigay pa ang GCN TV ng mga programa na nakatuon sa pag-aral ng wikang Ingles, ang mga ito ay *English at One Minute* English. Itinuturo dito ang tamang pagsasalita ng Ingles at mga pangungusap na madalas gamitin, dapat itong matutuhan ng mga miyembrong nasa misyong pandaigdigan at malalaking iglesya. Mayroon ding programa tungkol sa yoga, ang *GCN Yoga kasama si Yuri*, tumutulong ito sa mga tao na panatilihin ang balanse ng katawan at nakakatulong din ito para magkaroon ng magandang tindig; ang programang *Florist*, ay nagtuturo sa pag-aayos ng mga bulaklak at paglalagay ng dekorasyon, mula sa unang hakbang hanggang sa matuto; at ang *Today’s Weather* ay nagbibigay ng balita tungkol sa lagay ng panahon bawat araw sa buong isang taon.

Positibo ang pagtanggap ng mga manonood sa mga bagong programa. Tinandaan na nila ang oras ng pagsisimula ng brodkast at naghihintay sila sa harapan ng telebisyon, gusto nilang mapanood ng buo ang bawat programa.

Ang GCN TV ay nagsimula noong Oktubre 10, 2005 na may layuning ibahagi ang kalooban ng Diyos tungkol sa kaligtasan ng lahat ng tao sa lahat ng bansa. Layunin din nito ang iproklama ang kaluwalhatian ng Diyos. Naibrodkast nito ang mga krusada sa ibang bansa na idinaos sa iba’t ibang bahagi ng mundo dahil niloob ito ng Diyos, pati ang mga pagsamba ng Manmin Central Church. Nagpapalabas din ito ng iba’t ibang programa na naglalaman ng salita ng buhay, makapangyarihang pagkilos, at kulturang Cristianong may mataas na kalidad. Nakakaabot ito sa mahigit-kumulang 170 mga bansa. Pwedeng panoorin ang mga programang ito kahit anong oras at kahit saang lugar sa internet (www.gcntv.org) at sa mga modernong gadyet (m.gcntv.org).

# Mapapalad ang mga Mahabagin

"Mapapalad ang mga mahabagin, sapagkat sila'y kahahabagan" (Mateo 5:7).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Sa diksiyonaryo ang kahulugan ng 'habag' ay "pakikiramay sa mga nagdurusa." Ang habag na itinutukoy ng Diyos ay ang pagpapatawad ng taos-puso at pagpapaalala sa kapwa nang may pag-ibig kapag nagkakasala sila o nagdadala ng problema sa atin. Kapareho ito ng kabutihan na binabanggit sa siyam na bunga ng Banal na Espiritu, pero mas malalim ang kahulugan.

Ang kabutihan ay kaloobang walang bahid ng kasamaan. Kapag ang kaloobang ganito ay isinabuhay at nakapagpabago ng ibang tao, ito ang habag na hinahangad at hinahanap ng Diyos. Tatalakayin ko ngayon ang panlimang pagpapala sa Ang Mapapalad sa pamamagitan ng tatlong aspeto ng tunay na habag.

### 1. Walang hanggang habag ng pagpapatawad

Sinasabi ng Mateo 12:20 na binabago ni Jesus ang mga tao sa pamamagitan ng kabutihan na hindi babali ng tambong nasugatan at papatay ng nagbabagang mitsa. Ipinakita Niya ang habag ng pagpapatawad na may dakilang pag-ibig, sapat ito para isakripisyo Niya pati ang buhay Niya.

Ang kuhulugan ng 'hindi babaliin ang tambong nasugatan' ay hindi agad-agad paparusahan ang isang tao kundi pagtitiisan muna siya, kahit napakasama niya. Kadalasan, hindi inuunawa o pinapatawad ang taong nagkakasala sa kapwa. Sa halip, nagagalit, nakikipag-away, at ipinagsasabi sa iba ang mga pagkukulang nito. Gayon pa man, pinagtiisan ni Jesus ang lahat ng tao at binigyan Niya ng pagkakataon na magbago.

Ang 'hindi papatayain ang nagbabagang mitsa' ay hindi pababayaan ang mga anak ng Diyos na tumanggap ng Espiritu kahit maliit ang pagkakataon nilang maligtas dahil hindi sila nabubuhay ayon sa katotohanan. Tinitiis at pinapatnubayan ng Panginoon ang mga nagpapatuloy sa pagkakasala hanggang sa magsisi at magbago sila ayon sa katotohanan.

Ang habag ng pagpapatawad ay kalooban ng Diyos. Nahabag Siya sa atin noong patungo tayo sa nakakakilabot na Impiyerno dahil sa kasalanan. Ipinadala Niya sa atin ang bugtong Niyang Anak bilang sakripisyong pambayad. Niloob Niyang dumanak ang dugo at tubig sa katawan nito. Nagpapakita ito ng dakilang pag-ibig Niya para sa atin.

Gayon pa man, marami pa rin ang nagkakasala kahit sinasabi nilang anak na sila ng Diyos. Kahit nalulungkot ang Diyos sa pagkakasala nila, hindi Niya agad tinatalikuran ang mga ito. Naghihintay Siyang magsisi at magbalik sila nang may habag ng pagpapatawad tulad ng ama na naghintay sa kanyang alibughang anak. Kung magsisisi kayo at tatalikod sa mga kasalanan ninyo, tatanggalin ng ating Diyos Ama ang lahat ng mga kasalanan ninyo at patatawarin Niya kayo.

### 2. Habag ng pagdidisiplina ng may pag-ibig

Parang kabaliktaran ng pagpapatawad ang 'pagdidisiplina' pero, sa totoo lang, hindi. Ang dahilan nito ay sapagkat ang habag ng pagdidisiplina na kinikilala ng Diyos ay hindi ginagawang may galit o paghatol, kundi may pag-ibig. Nakakatulong ito sa pagbabago ng ibang tao. Gaya ng sinasabi ng Sa Mga Hebreo 12:6, "Sapagkat dinidisiplina ng Panginoon ang Kanyang minamahal, at pinarurusahan ang bawat itinuturing na anak," ang habag ng pagdidisiplina ay ang pag-ibig ng Diyos.

Dahil mahal na mahal tayo ng Diyos, binibigyan Niya tayo ng pagkakataon para iwan ang mga kasalanan natin sa pamamagitan ng pagdidisiplina. Ang dahilan nito ay sapagkat kung walang disiplina maaaring magpatuloy ang mga tao sa paghahangad nila sa kamunduhan kahit naligtas na sila, baka mahulog pa sila sa kadiliman. Hindi tayo papanoorin ng Diyos habang sinusunod natin ng kaaway na diyablo at Satanas, kaya binibigyan Niya tayo ng pagpapala na talikuran ang kasalanan sa pagdidisiplina Niya sa atin.

Ipagpalagay nating nagkamali ang anak ninyo. Hindi ninyo siya papaluin kaagad para madisiplina. Sa halip, ituturo ninyo sa kanya kung bakit, paano, at kung anong ginawa niyang mali, at mahinahon siyang pagsasabihan para magsisi siya ng taos-puso sa ginawa niya. Pero kung sa salita lang ang pagsisisi ng anak ninyo at magpapatuloy sa paggawa ng kasalanan, dapat na siyang paluin bilang parusa kahit masakit ito sa kalooban ninyo. Dapat magpatuloy ang pagmamahalan ninyo kahit ganito ang pagdidisiplina.

Ang pagdidisiplina ng walang pag-ibig ay hindi matatawag na habag. Sabihin nating may ninakaw na isang bagay sa bahay ninyo ang isang batang kapit-bahay. Kung magsisisi ng taos-puso ang batang ito, mahahabag sa kanya ang isang taong mabuti, patatawarin siya nito. Pero, ang taong masama ay magagalit sa kanya dahil sa ninakaw niyang bagay, pagwiwikaan siya, at sasabihing dapat siyang bigyan ng mabigat na parusa. Kung ipagsasabi ninyo sa ibang tao ang ginawa ng bata at hindi maganda ang pagtrato ninyo sa kanya, hindi kayo nagpapakita ng pagkahabag. Kahit hindi ninyo patawan ng parusa ang batang ito, hindi ninyo siya matutulungang magbago.

Kung magdidisiplina kayo ng isang tao ng may pag-ibig sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang ng kinabukasan niya, masasabi nating tayo ay may habag ng pagdidisiplina. Detalyadong ipinapaliwanag ng Biblia ang proseso ng pagpapaalala at pagdidisiplina ng isang kapatid na nagkasala (Mateo 18:15-17). Dapat muna siyang payuhan ng may pagmamahal at bigyan ng pagkakataong magbago, hindi ito ipapamalita kung saan-saan. At kung hindi pa rin makikinig ang kapatid na ito, baka sakaling makinig siya sa mas may awtoridad sa grupo na kinabibilangan niya, pwede ninyong isama ang mga taong ito para kausapin siyang muli para hikayating magbalik-loob. Kung hindi pa rin siya makikinig sa kanila, sabihin na ninyo ito sa iglesya para mailayo siya sa kasalanan. Kung hindi pa rin siya makikinig sa iglesya, pabayaan na ninyo siyang maging makamundo.

Sundin lang ninyo kung anong itinuturo ng Biblia sa atin, ang mahalaga, huwag tayong manghusga at manghatol sa mga nagkakasala. Kung magdidisiplina tayo dahil sa habag at pag-ibig, mahahabag din ang Diyos sa atin.

### 3. Habag sa pagkakawanggawa

Kung nagdurusa sa kahirapan ang isang kapatid, at sasabihin lang ninyong nakakaawa ang situwasyon niya at wala kayong gagawin, hindi ninyo masasabing mayroon kayong habag. Ang habag na kinikilala ng Diyos ay ang magbigay ng kung anong mayroon kayo sa kapatid ninyong nangangailangan. Mababasa sa Santiago 2:15-16, "Kung ang isang kapatid na lalaki o babae ay namumuhay nang hubad at kinukulang sa pagkain sa araw-araw, at ang isa sa inyo ay magsasabi sa kanila, 'Humayo kayong payapa, magpainit kayo at magpakabusog,' subalit hindi ninyo sila binibigyan ng mga bagay na kailangan ng katawan; anong pakinabang niyon?"

May mga nagsasabing gusto nilang tumulong pero wala silang kahit na anong maibibigay. Pero kung sarili ninyong mga anak ang nagugutom, hindi lang ninyo sila papanoorin. Ibibigay agad ninyo sa kanila kung anong mayroon kayo. Ganito rin dapat ang gawin ninyo sa mga kapatid ninyo.

Dapat nating tulungan ang mga nagdurusa. Huwag nating tulungan ang mga nagdurusa dahil sa ginagawa nilang kasalanan o mga walang trabaho dahil sa katamaran. Kung tutulong tayo sa mga taong hindi dapat tulungan sa mata ng Diyos, magiging kawalan sa atin ito. Bukod dito, dapat nating tulungan ang iba pang mga tao sa mundo, pati ang mga kapatid natin sa pananampalataya, ito ay pagliligtas ng mga kaluluwa.

### 4. Sapagkat sila'y kahahabagan

Anong pagpapala ang ibibigay sa mga nahabag sa ibang tao sa tamang paraan sa harapan ng Diyos? Kung magpapatawad tayo at mahahabag sa mga nagpapahirap at nananakit sa atin, kapag nahihirapan tayo, o hindi sinasadyang magpahirap sa iba, mahahabag ang Diyos sa atin at bibigyan Niya tayo ng pagkakataong mapatawad. Kung mahahabag tayo at tutulong sa mga nangangailangan, o sa mga may sakit, bibigyan tayo ng Diyos ng kasaganahan at kalusugan.

Kung mahahabag tayo sa ibang tao, patatawarin tayo ng Diyos sa ating mga pagkakasala, pupunuan Niya ang mga pagkukulang natin, at papalitan ng kalakasan ang mga kahinaan natin. Ito ang pagpapala ng Diyos na ibinibigay Niya sa mga nahahabag sa kapwa.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na pangalagaan ninyo ang habag sa puso ninyo. Ipakita ninyo ito sa buhay ninyo, magbigay kayo ng buhay at aliw sa maraming tao, at higit sa lahat, tumanggap nawa kayo ng habag mula sa Diyos na puno ng pag-ibig at kahabagan. Nawa ay tamasahin ninyo ang pinagpalang buhay magpakailanman.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Pagtagumpayan ang Limitasyon!

Ang tinutukoy na 'limitasyon' ay pagtatatag ng sukdulan sa mga bagay na magagawa o hindi magagawa ng isang tao. Nalalaman ng isang tao ang limitasyon niya kapag may isang bagay na ipinagawa sa kanya na lampas sa kaya niyang gawin. Pero walang limitasyon ang pananampalataya. Ito ay sapagkat pinakamakapangyarihan ang Diyos at posible lahat ng bagay para sa mga nagtitiwala sa Kanya. Paano natin mapapagtagumpayan ang limitasyon natin?

## 1 Kayo ang nagtatakda ng limitasyon ninyo

Bakit may limitasyon ang mga tao? Ang dahilan nito ay sapagkat nagtatakda sila ng sukdulan ng kakayahan nila, iniisip nilang hindi nila pwedeng lampasan ang puntong ito. Gayon pa man, sinasabi sa Marcos 9:23, "Sinabi sa kanya ni Jesus, 'Kung kaya Mo?' Ang lahat ng bagay ay maaaring mangyari sa kanya na nananampalataya." Ibig sabihin, kung mauunawaan nating ang limitasyon natin ay may kinalaman sa saloobin natin, dapat nating palitan ang saloobin natin ng pananampalataya at isaisip na lahat ng bagay ay magagawa natin sa tulong ng Panginoon.

Dapat din nating pagsikapang lampasan ang limitasyon natin. Kapag nagsikap tayo na may kalakip na Salita ng Diyos at maalab na pananalangin, ibubuhos sa atin ng Diyos ang dakilang pagpapala at kapangyarihan sa tulong ng Espiritu para mapagtagumpayan natin ang ating limitasyon. Kapag maniniwala tayong pwede nating gawing posible ang mga bagay na imposible, at lalabanan ang limitasyon natin ng matibay na paniniwala, tutulungan tayo ng Diyos na lampasan ang limitasyon natin, at makakaya nating gawin ang lahat ng bagay.

## 2 Anong mangyayari kapag naabot na ninyo ang limitasyon, at paano ninyo mapapagtagumpayan ito?

### Tanggalin ninyo ang pagkabigo at negatibong mga saloobin

Kung negatibo ang pag-iisip natin, ibig sabihin, makalaman ito at sinasabing hindi natin kayang gawin ang isang bagay, makakaramdam tayo ng pagkabigo ni hindi na tutungo sa susunod na hakbang. Kung ganito ang mangyayari, hindi tayo pwedeng bigyan ng lakas para sumulong. Kaya dapat nating tanggalin ang pagkabigo at negatibong saloobin. Dapat tayong magalak at magpasalamat nang may pananampalataya. Bibigyan tayo ng Diyos ng pagpapala para magbago.

Ipagpalagay nating mayroong dalawang tao. Nagtakda sila ng parehong layunin, sinasabi ng isa na magagawa niya ito, habang ang isa naman ay nagsasabing hindi. Ang paniniwala nila ay magkakaroon ng magkaibang resulta. Ang pagtitiwala ng una na ito ay magagawa niya ay simula ng pananampalataya. Nalulugod ang Diyos sa ganitong kalooban, ito ay nagsisilbing simula ng pagtatagumpay laban sa sariling limitasyon. Samakatwid, dapat tayong umasa sa Diyos sa bawat situwasyon nang may positibong pag-iisip.

Kung gagawin natin ito, mapapagtagumpayan natin ang negatibong ugali at saloobin na nagdadala sa atin ng kabiguan at kawalan ng pag-asa. Kaya kailangan nating suriin ang isipan, kalooban, at saloobin natin sa bawat situwasyon para mapagtagumpayan natin ang mga ito nang may kagalakan at pagpapasalamat.

### Dapat nating pasalamatan ang Panginoon ng taos-puso

Sa kasalukuyan, laganap na ang kasalanan at kasamaan, nakakapasok pa ito sa iglesya na siyang katawan ni Cristo. Dapat protektahan ng mga pastor na nagmamahal sa Diyos ang mga miyembro ng iglesya para hindi sila mabahiran ng kasalanan. Dapat pababain nila ang pagpapala at habag mula sa langit para makapagsisi ang mga miyembro. Dapat silang mag-ipon ng katarungan sa pamamagitan ng madamdaming pananalangin at sakripisyo tulad ng halimbawa ng pag-ibig na ipinakita ng Panginoon sa krus.

Hangarin ng Panginoon na maligtas ang lahat ng tao. Sa pamamagitan ng mga dalangin ng pastor na lumalakad kasama ng Diyos, maaari silang gumabay sa daan patungo sa magandang Langit. Kaya maaari nating sabihing pwede tayong magbago kung mayroon tayong pananampalataya. Kung may magsasabi pa rin na hindi niya kayang gawin ang isang bagay, dapat niyang malaman na wala siyang taos-pusong pasasalamat.

Tatanggapin ninyo ang lakas para magbago kung matatanto ninyo ang pag-ibig ng Diyos, ng Panginoon, at ng pastol, at kung aasa kayo sa pag-iibig na ito nang may pananampalataya, at mananalangin ng may taos-pusong pagpapahalaga.

### Dapat nating lampasan ang limitasyon sa pamamagitan ng maalab na pananalangin

Kung nananalangin kayo pero mabagal ang pagbabago, dapat ninyong malaman na ang dahilan nito ay hindi maalab na pananalangin. Tatanggapin ninyo ang lakas para malampasan ang limitasyon kung maalab kayong mananalangin. Kung hindi, nililimitahan ninyo kahit ang pananalangin, na nagiging dahilan ng mabagal na pagbabago sa pananampalataya.

May mga masigasig manalangin sa simula, pero nagiging walang-saysay at paulit-ulit o kaya natutlog sa kalagitnaan o sa hulihan. May mga nananalangin pero lumilipad ang isip, naghihintay lang na matapos ang pulong-panalangin, may mga pagod din. Ibig sabihin, hindi pa nila napapagtagumpayan ang limitasyon nila sa pananalangin. Tinatanggap na lang ng ilan ang limitasyong itinatakda ng makalaman na saloobin, naging ugali na nila ang hindi maayos na pananalangin.

Para malampasan ang limitasyon, hindi lang dapat ang pananalangin ang pinapahalagahan. Dapat tayong magtakda ng tukoy na layunin sa pagbabago at gawing ugali ang maalab na pananalangin bawat araw. Kapag hindi sila hihinto sa maalab na pananalangin, magbibigay ng pagpapala at kalakasan ang Diyos, mapapagtagumpayan natin ang kahit na anong limitasyon.

Maalab na nanalangin kahit si Jesus na Anak ng Diyos sa gitna ng matinding paghihirap hanggang sa tumulo ang pawis Niyang parang dugo sa lupa (Lucas 22:44). Paano tayo mananalangin? Ayon sa talinghaga tungkol sa makasalanang hukom at mapilit na balo sa Lucas 18, dapat tayong manalangin sa lahat ng oras at hindi mawalan ng pag-asa hanggang sa tanggapin ang kasagutan.

Kung hindi tayo mananalangin ng maalab, kulang tayo sa paghahangad ng sagot sa ipinapanalangin natin. Kung mayroon tayong tunay na hangarin sa puso natin, mananalangin tayong maalab ang buong katawan, kalooban, at isipan para magkaroon ng pagbabago sa sarili. Kung makikita ng Diyos na gusto nating magkaroon ng pagbabago ang pananalangin at ang mga sarili natin, tutulungan Niya tayo. Kaya kung masigasig tayong mananalangin, at kikilos nang may pananampalataya, mararanasan natin ang kagalakan at kasiyahan ng pagbabago bawat araw.



Bilang 97 Disyembre 1, 2013 Balitang Manmin



# “Marami akong natutuhan sa magandang iglesya”



Bumisita sa Manmin Central Church ang mga tao mula sa labimpitong mga bansa para makipagdiwang ng ika-31 anibersaryo nito. Maraming mga Pilipino na kilala sa larangan ng relihiyon ang pumunta, mga obispo, ang tagapangulo ng samahan ng mga obispo, at pangulo ng isang seminaryo. Maraming taong naging interesado, kinapanayam sila ng mga tauhan ng *Balitang Manmin.*

1


2


3


Nagsama-sama ang mga pastor mula sa Pilipinas pagkatapos ng pagsamba na puspos ng Espiritu. Nagkaroon sila ng pagkakataong maka-usap si Dr. Jaerock Lee tungkol sa mga espirituwal na bagay (litrato 1, 2). Litrato 3 – Mula sa kaliwa, Pastor Eriberto Cabaobao, Obispo Celso M. San Jose, Pastor Epifanio Barcelon, Obispo Robert A. Neri, Obispo Mario G. Laurente, Rev. Manuel R. Buensuceso, Obispo Mario Robles

**T: Anong masasabi mo sa pagbisita sa Manmin?**

Pastor Celso M. San Jose, Tagapangulo ng Independent Bishops’ Fellowship

Pangatlong pagkakataon na itong pagbisita ko sa Manmin. Kahanga-hanga ang maayos na sistema ng iglesyang ito. Ginagawa ng bawat departamento ang ministeryo nila. Ang komite ng sining sa papuri at pagsamba, GCN TV sa pagbobrodkast, at ang paglalathala ng mga libro ni Dr. Jaerock Lee. Umaabot ito sa buong mundo, nakakamangha!

Naantig ang puso ko sa Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na naglilingkod sa mga miyembro ng iglesya nang buong pagmamahal. Mayroon siyang libreng pagsundo at paghatid ng maraming bus at iba pang sasakyan na pag-aari ng iglesya. Mayroon ding ibang pagseserbisyo na nasa tindahan ng mga libro, sa cafeteria, at pasilidad para sa pangangalaga ng matatanda. Higit sa lahat, ipinakita niya ang halimbawa ng pagpapakumbaba at serbisyong Cristiano kaya pinagtitiwalaan siya ng mga miyembro. Lumalago sila bilang mga ‘haligi’ ng kaharian ng Diyos. Napakabuti ng mga nangyayari dito.

**T: Kwentuhan mo naman kami tungkol sa krusada ni Dr. Jaerock Lee sa Pilipinas noong taong 2001.**

Pastor Robert A. Neri, Tagapangulo ng Christian Fellowship sa Cavite City

Noong taong 2001, nagdaos siya ng krusada sa Pilipinas sa loob ng apat na araw, nagsimula ito noong ika-26 ng Setyembre. Mabagyo doon kapag Setyembre, kaya nagaalala ang mga lokal na pastor. Pero sa isang panayam bago ganapin ang krusada, sinabi ni Dr. Lee na magiging matagumpay ito, at tinupad naman ng Diyos ang sinabi niya. Kumilos ang kapangyarihan ng Diyos. Noong panahong iyon mayroong dalawang bagyong paparating, pero napawi ang isa at ang isa naman ay nagbago ng daan. Hindi umulan sa loob ng apat na araw ng krusada. Nakakita pa kami ng pabilog na bahaghari sa paligid ng buwan.

Dahil sa panalangin niya para sa mga may sakit pagkatapos ng pangangaral niya ng Salita, gumaling mula sa karamdaman ang hindi mabilang na mga tao. Niluwalhati nila ang Diyos. Namangha ang mga pastor sa mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos. Lalo silang nagtiwala sa Diyos na Siyang ipinapangaral ni Dr. Lee. Magmula noon, nagkaroon ng panibagong sigla ang mga iglesyang tumulong sa krusada at patuloy na naipapahayag ang ebanghelyo ng kabanalan sa buong Pilipinas.

**T: Pangulong Mario, nabalitaan kong tumanggap ka ng malaking pagpapala sa pagbisita dito.**

Pastor Mario Robles, Pangulo ng PMI (Philippine Missionary Institute)

Isang malaking biyaya para sa akin ang pagbisita ko sa Manmin Central Church. Ang pinakamalaking biyaya ay nakita ko ng personal si Dr. Jaerock Lee na lingkod ng Diyos at ipinanalangin niya ako ng panalangin ng pagpapala. Hinaplos ang puso ko ng kabutihan at kababaang-loob niya kahit punong pastor siya ng isang napakalaking iglesya.

Masayang naglingkod sa mga bisita tulad ko ang mga miyembro ng iglesya. Maalaga sila at mababait, at sumasamba sila sa espiritu at katotohanan sa mga pagsamba. Sa palagay ko, ganito sila dahil sa magandang halimbawang ipinapakita sa kanila ni Dr. Lee, isinasabuhay niya ang Salita ng Diyos at tapat ang pangangaral niya tungkol dito.

Bilang pangulo ng Philippine Missionary Institute, gusto kong ihatid ang ebanghelyo ng kabanalan sa mga guro ng seminaryo ko at ituro ito sa mga estudyante doon. Bilang pangalawang tagapangulo ng Philippine Missionary Fellowship, gusto ko ring malaman ng mga kasamahan ko doon ang tungkol sa ebanghelyo ng kabanalan.

**T: Pinagaling ka ba ng Muan Sweet Water?**

Pastor Mario G. Laurente, Tagapangulo ng Independent Church sa GMA

Totoong kamangha-manghang pagkilos ng Diyos ang pagpapalit ng tubig-alat ng Muan-gun, Jeonam, sa matamis na tubig (maaaring inumin) dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee sa Seoul. Naniniwala akong si Dr. Lee ay isang tunay na lingkod ng Diyos at may malinis na puso kaya naging posible ito. Nagulat ako sa aquarium doon, magkasamang lumalangoy ang isdang-tabang at isdang tubig-alat. Wala talagang imposible sa Diyos.

Noong taong 2011, nagkaroon ako ng malalang sa sakit sa lalamunan. Bumisita ako sa Manmin Central Church sa Seoul at uminom ng Muan Sweet Water. Nawala ang pananakit ng lalamunan ko. Sa pagbisita ko sa taong ito, naramdaman kong uminit ang likod at balikat ko nang maglublob ako sa Muan Sweet Water Pool, nawala din ang pananakit ng mga ito. Hallelujah!

**T: Nabasa mo na ba ang mga libro ni Dr. Jaerock Lee?**

Pastor Manuel R. Buensuceso, Tagapangulo ng Pastors’ Fellowship, Manila at Pasay City

Nabasa ko na ang *The Measure of Faith*, *The Land Flowing with Milk and Honey*, at Life of Disobedience and Life of Obedience. Humanga ako sa *The Measure of Faith*. Binibigyang-diin nito ang paglago ng pananampalataya natin ayon sa pagtulad natin sa kabanalan ng Panginoon. Sinasabi sa atin ng Diyos na magpakabanal tayo dahil Siya ay banal.

Dahil sa mga libro niya, naintindihan kong mabuti ang kalooban ng Diyos sa pananatili ng Sabbath, pagkaila ng sarili, at pagsunod. Ibinabahagi ko ang mga libro ni Dr. Lee na puno ng mga mensaheng parang mamahaling hiyas sa mga pastor at mga mananampalataya.

**T: Anong masasabi mo sa pulong-panalanging Daniel?**

Pastor Epifanio Barcelon, Tagapangulo ng Dasmarinas City Network Christian Community

Humanga ako dahil ang iglesya ay nagdadaos ng pulong-panalanging Daniel bawat gabi sa ganap na ika-9:00. Maagang dumating ang mga miyembro, handang-handa sila, at sabay-sabay na tumatangis sa pananalangin. Habang nananalangin ako sa iglesya, nakaranas ako ng paghirang ng Espiritu. Hindi masukat na kapayapaan ang dumating sa puso ko kaya naantig ang damdamin ko. Nagpaplano ang iglesyang kinabibilangan ko na magdagdag ng oras ng pananalangin para makapaghandog kami sa Diyos ng mas maraming dalangin.

**T: Anong masasabi mo tungkol sa pagtatanghal sa ika-31 pagdiriwang ng anibersaryo?**

Pastor Eriberto Cabaobao, dating Tagapangulo ng PMF (Philippine Missionary Fellowship)

Nagtanghal ang maraming grupo ng sining ng maayos at may pagkakaisa. Kamangha-mangha ang pagmamahal at kaalaban ng mga batang nagtanghal para sa Panginoon. Ang napakagandang entablado, kasuotan, at props ay mas kahanga-hanga kaysa sa mga napapanood sa tv, propesyunal ang kalidad nito. Hindi makapagtatanghal ng ganito kung hindi ito pinag-ukulan ng mahabang panahon, ginastusan, at dedikasyon. Pwede ito itanghal sa buong mundo, wala pa akong nakitang katulad nito. Ipinakita dito ang Langit na inaasam ng mga Cristiano. Ito ay may makalangit na kagandahan, kadalisayan, at kaningningan. Napaisip ako, ang Langit ay isang lugar para sa mga tunay na banal. Nagpasiya akong mas magsikap pa sa pagsusulong ng buhay na banal.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714